



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Nobyembre 20, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Sarah Zahedi - 415.749.4900

Air District, lalo pang hinigpitan ang tuntunin sa pagsunog ng kahoy upang maprotektahan ang kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa panahon ng mga wildfire

Mga Alertong Spare the Air (Iligtas ang Hangin), ipinagbabawal na ngayon ang pagsunog ng kahoy sa buong taon

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, bumoto ang Bay Area Air Quality Management District (Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na pagtibayin ang mga bagong pagbabago na lalong maghihigpit sa regulasyon sa pagsunog ng kahoy ng ahensiya upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan mula sa mga panganib ng polusyong dulot ng mga pinong particle, lalo na sa panahon ng mga wildfire.

Dati nang ipinagbabawal ang pagsunog ng kahoy sa panahon ng Mga Alertong Spare the Air sa Taglamig mula Nobyembre hanggang Pebrero. Pinapalawig ng mga pagbabago sa tuntunin ang pagbabawal sa pagsunog ng kahoy sa buong taon kapag umabot ang polusyong dulot ng particulate matter sa mga antas na nakakasama sa kalusugan. Sa pagpapalawig sa pagbabawal ng pagsunog ng kahoy, matitiyak na hindi madaragdagan ng mga aktibidad sa pagsunog ng kahoy ang mataas na konsentrasyon ng polusyon sa hangin, gaya sa panahon ng mga wildfire.

“Kasabay ng pagiging normal ng mga wildfire sa California sa paglipas ng panahon, mahalagang kumilos tayo upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan sa oras na makaapekto sa kalidad ng hangin ang usok mula sa wildfire,” ayon kay Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na direktor para sa Air District. “Sa paghihigpit sa tuntuning ito, mababawasan ang mapaminsalang polusyong dulot ng usok at mapoprotektahan ang kalusugan ng bawat residente ng Bay Area sa panahon ng mga wildfire.”

Ang pagpapatibay sa mga nasabing pagbabago ay isang pagkilos sa mas malaking pagsisikap ng Air District na bawasan ang mga epekto ng mga wildfire sa kalusugan at kalidad ng hangin. Ang Programa ng Pagtugon ng Air District sa Kalidad ng Hangin na Dulot ng Wildfire ay isang komprehensibong programa na naglalayong pigilan, paghandaan, at tugunan ang mga wildfire sa hinaharap. Tinitiyak ng programang may mga gagawing hakbang at estratehiya para sa pagprotekta ng kalusugan kapag may usok na dulot ng wildfire.

Tulad ng usok na dulot ng wildfire, naglalaman ang usok na dulot ng pagsunog ng kahoy ng mga bagay na nagdudulot ng kanser gaya ng particulate matter at carbon monoxide, na mapaminsala kapag nalanghap. Ang pagkakalantad sa usok na dulot ng pagsunog ng kahoy ay naiugnay na sa mga malalang karamdaman sa baga at mas malaking posibilidad ng atake sa puso. Sa partikular, ang polusyon mula sa pinong articulate sa usok na dulot ng pagsunog ng kahoy ay mapaminsala sa mga bata, nakatatanda, at mga taong may kundisyon sa baga.

Sa panahon ng Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan ng PG&E, o iba pang pagkawala ng serbisyo sa kuryente o gasolina, may pagbubukod na magpapahintulot sa pagsunog ng kahoy kapag walang magagamit na alternatibong uri ng heat. Gayunpaman, hindi isinusulong ang pagsunog ng kahoy sa mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan (Power Safety Power Shutoff, PSPS) dahil kasabay ito ng mas malaking panganib ng sunog at mga wildfire, na magpapataas sa mga antas ng polusyon sa hangin na posibleng mataas na sa kasalukuyan.

Maaaring malaman ng mga residente ng Bay Area kung may ipinapatupad na Alertong Spare the Air sa pamamagitan ng:

- Pag-sign up para sa mga text na alerto. Upang mag-sign up, i-text ang salitang “START (MAGSALITA)” sa numerong 817-57
- Pagtawag sa 1-877-4NO-BURN
- Pagbisita sa www.sparetheair.org o www.baaqmd.gov
- Pag-sign up para sa mga awtomatikong AirAlert sa e-mail o telepono sa www.sparetheair.org
- Pag-download sa Spare the Air app sa iPhone o Android

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)